

Buod ng Patakaran sa Tulong Pinansyal na Nakasaad sa Pangkaraniwang Wika

Virginia Beach Ambulatory Surgery Center, LLC

Tulong Pinansyal para sa Emergency o Iba pang Medikal na Kinakailangang Pangangalaga

Kung wala kang insurance at hindi mo mabayaran ang iyong singilin, makipag-ugnayan sa amin sa numero ng telepono o address na nasa ibaba upang malaman kung kwalipikado ka sa tulong pinansyal. Sinusuri ang pangangailangan para sa tulong pinansyal ng bawat pasyente ayon sa antas ng kita ng kanyang pamilya, alinsunod sa mga nauugnay na pangyayari at sitwasyon, gaya ng naiulat na kita, mga asset, mga liability, mga gastusin, at iba pang napagkukunan. Ibinibigay ang libreng pangangalaga sa mga pasyente walang insurance na nasa 200% ang kita ng pamilya o mas mababa pa sa pederal na antas ng kahirapan. Tingnan ang <http://aspe.hhs.gov/poverty/index.cfm> para sa mga kasalukuyang pederal na alituntunin sa kahirapan na inilathala ng U.S. Department of Health and Human Services.

Ang buong patakaran sa tulong pinansyal (financial assistance policy, "FAP"), kasama ng aplikasyon para sa tulong pinansyal, ay makikita sa www.vbasc.com. Makakakuha rin ng mga kopyang nakalimbag sa papel sa patient registration area ng surgery center at ipapadala nang libre sa isang pasyente kapag hiniling ito:

Mga kahilingan sa pamamagitan ng pagtawag: 757-496-6400

Mga kahilingan sa pamamagitan ng liham: Virginia Beach Ambulatory Surgery Center, LLC
ATTN: Administrator
1700 Will O Wisp Drive
Virginia Beach, Virginia 23456

Maaaring mag-apply ang mga indibidwal para sa tulong pinansyal sa ilalim ng FAP ng surgery center sa pamamagitan ng pagpapadala ng nasagutang aplikasyon, kasama ang patunay ng kita ng pamilya, sa address na nasa itaas o sa pamamagitan ng pagdadala ng aplikasyon at patunay ng kita ng pamilya sa patient registration area ng surgery center. Maaari ding tawagan o bisitahin ng mga pasyente ang lokasyong nakasaad sa itaas upang makatanggap ng tulong sa proseso ng aplikasyon.

Kung sakaling sumailalim sa medikal na kinakailangang pangangalagang saklaw sa ilalim ng FAP, hindi maaaring singilin ang mga pasyenteng kwalipikado sa ilalim ng FAP ng surgery center nang mahigit sa mga halagang pangkalahatang sinisingil sa mga indibidwal na may insurance na sumasaklaw sa nasabing pangangalaga.

Ang mga pagsasalin ng FAP, ang aplikasyon para sa tulong pinansyal, at Buod ng FAP na Nakasaad sa Pangkaraniwang Wika ay makukuha sa Spanish at Tagalog.